PABATID SA MGA PAMAMALAKAD SA PAGKAPRIBADO

INILALARAWAN NG PABATID NA ITO KUNG PAANO MAGAGAMIT AT MAISISIWALAT ANG INYONG MEDIKAL NA IMPORMASYON. INILALARAWAN DIN NG PABATID NA ITO KUNG PAANO KAYO MAKAKAKUHA NG PAMARAANG MAKAGAMIT NG IMPORMASYONG ITO. MANGYARING REPASUHIN ITO NANG MABUTI.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa Pabatid na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa kinatawan ng Serbisyo para sa Miyembro ng Health Plan of San Mateo (HPSM) sa **1-866-880-0606** o **650-616-2174**.

Bakit Ko Natatanggap ang Pabatid na ito?

Aming nauunawaan na ang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo ay personal. May dedikasyon kami na protektahan ang inyong impormasyong pangkalusugan. Sa pangkalahatan, ang impormasyong pangkalusugan ay anumang impormasyon tungkol sa inyong pisikal o pangkaisipang kalusugan o tungkol sa inyong kabayaran para sa mga serbisyong pangkalusugan na makakatukoy sa inyo kapag kayo ay isang indibidwal. Ang impormasyong ito ay maaaring tungkol sa inyong nakaraan, kasalukuyan, o panghinaharap na kalusugan. Ang mga halimbawa ng impormasyong pangkalusugan ay ang inyong pangalan, petsa ng kapanganakan, mga nakilalang sakit, mga medikal na paggagamot at nakaraang medikal na claim (paghahabol ng kabayaran), kahit na ito ay malayo sa kumpletong listahan.

Naglalaman ang pabatid na ito ng buod ng mga pamamalakad sa pagkapribado ng HPSM at inyong mga karapatan na may kaugnay sa inyong impormasyong pangkalusugan. Sakop lamang ng pabatid na ito ang pamamalakad sa pagkapribado ng HPSM. Ang inyong doktor ay maaaring may iba't ibang mga patakaran o pabatid hinggil sa kanyang paggamit at pagsiwalat ng inyong impormasyong pangkalusugan na ginawa sa tanggapan ng doktor.

Inaatasan Kami ng Batas na:

- Tiyakin na ang impormasyong pangkalusugan na tumutukoy sa inyo ay panatilihing pribado;
- Bigyan kayo ng pabatid na ito hinggil sa aming mga legal na pananagutan at pamamalakad sa pagkapribado patungkol sa inyong impormasyong pangkalusugan; at
- Sundin ang mga takda ng pabatid na kasalukuyang may bisa.

Paano Gagamitin o Ibabahagi ng HPSM ang Aking Impormasyong Pangkalusugan?

Ang sumusunod ay mga paraan kung paano namin magagamit ang inyong impormasyong pangkalusugan. Ang mga uri ng paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon na nakalista sa ibaba ay pinapahintulutan ng batas ng estado at pederal. Ang paggamit ay patungkol sa kung paano namin ginagamit ang impormasyon sa loob ng HPSM. Ang pagsisiwalat ay

nangangahulugan ng pagbabahagi ng impormasyon sa ibang tao sa labas ng HPSM. Ang sumusunod ay isang paglalarawan ng bawat uri ng paggamit o pagsisiwalat at ilang halimbawa. **Hindi kabilang sa listahan sa ibaba ang bawat posibleng pinapahintulutang paggamit at pagsisiwalat, at hindi ito para limitahin ang paggamit at pagsisiwalat na pinapahintulutan ng batas. Gayumpaman, ang lahat ng mga paraan na nagpapahintulot sa aming paggamit at pagsisiwalat ng inyong impormasyong pangkalusugan ay mapapasama sa isa o iba pang mga layunin na nakasaad sa ibaba:**

- **Para sa Pagbabayad.** Ginagamit namin ang inyong impormasyong pangkalusugan sa pagbayad sa mga singilin para sa mga serbisyong natanggap ninyo bilang isang Miyembro ng HPSM. ***Halimbawa:*** Maaaring kailanganin naming kumuha ng impormasyon mula sa inyong doktor tungkol sa paggagamot na iniisip ng doktor para sa inyo. Irerepaso namin ang impormasyon upang makapagpasya kung aaprubahan o hindi ang pagbabayad para sa paggagamot. Ang mga desisyon ay batay sa medikal na pangangailangan. Kailangan naming ipaalam sa doktor kung ang paggagamot ay sakop ng benepisyo para sa inyo.

- **Para sa mga Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan.** Maaari naming gamitin at isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan upang maisagawa ang pagpapatakbo ng HPSM. Ginagawa ito sa paraang kumpidensyal. Ang mga paggamit at pagsisiwalat na ito ay kinakailangan upang mapatakbo ang planong pangkalusugan at maisagawa ang maraming serbisyo na inyong natatanggap. ***Halimbawa:*** Maaari naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan sa aming pagrerepaso ng mga doktor na nagbibigay ng inyong pangangalaga. Sinusuri namin ang kanilang pagganap upang matiyak na natatanggap ninyo ang may kalidad na pangangalaga. Maaari rin naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan upang paghambingin ang kalidad ng aming serbisyo sa ibang mga planong pangkalusugan. Makatutulong ito sa amin sa pagsuri kung mayroong mga paraan upang mapabuti namin ang kalidad ng pangangalaga na inyong natatanggap.

- **Para sa Paggagamot.** Maaari naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan upang pamahalaan ang pangangalaga sa inyo. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaari naming ibahagi sa tagabigay ng serbisyo para sa paggagamot ninyo. ***Halimbawa:*** Maaari naming irepaso ang inyong impormasyong pangkalusugan, kabilang ang mga gamot na iniinom ninyo, upang matiyak na walang naglalaban-laban sa mga paggagamot na natatanggap ninyo.

- **Mga Benepisyo at Serbisyo na Kaugnay sa Kalusugan.** Maaari naming gamitin at ibahagi ang impormasyong pangkalusugan upang sabihin sa inyo ang tungkol sa mga benepisyo o serbisyong pangkalusugan ng HPSM na mayroon kayong interes sa pamamagitan ng Mga Programa sa Edukasyong Pangkalusugan ng HPSM.

- **Para sa mga Kontratista.** Maaari naming isiwalat ang inyong impormasyong

pangkalusugan sa aming mga kontratista na tumutulong sa aming mga pagpapatakbo. Ang aming mga kontratista ay sumang-ayon sa panulat na panatilihing kumpidensyal at ligtas ang impormasyong pangkalusugan na ibinigay sa kanila, at hindi gagamitin ito maliban sa pagtulong sa amin. ***Halimbawa***, kami ay nakikipagkontrata sa kompanya na kilala bilang "Tagapangasiwa ng Benepisyo sa Parmasya." Ang kumpanyang ito ang nagpoproseso ng mga claim (hinahabol na kabayaran) para sa serbisyo ng parmasya. Ibinibigay namin ang impormasyon na mayroon kami na kinakailangan sa pagbayad ng mga claim (hinahabol na kabayaran) sa parmasiya para sa aming mga miyembro. Ang Tagapamahala sa Benepisyo sa Parmasiya ay sumasang-ayon na panatilihing kumpidensyal ang impormasyon na ito.

- **Para sa Mga Tagapagtaguyod ng Programa sa Segurong Pangkalusugan.** Ang mga taga-empleyo at iba pang mga organisasyon ang nagtataguyod sa mga programa sa segurong pangkalusugan. Nakikipagkontrata ang mga taga-empleyo o tagapagtaguyod na ito sa HSPM upang magbigay ng mga serbisyo sa inyo at bayaran ang mga claim (hinahabol na kabayaran). Maaari naming ipagbigay-alam sa tagapagtaguyod ng plano kung kayo ay naka-enroll sa, o umalis sa pagkaka-enroll sa plano. Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay maaari rin naming isiwalat upang matasa ng tagapagtaguyod ng plano ang pagganap ng HPSM. Sumasang-ayon ang tagapagtaguyod na panatilihing kumpidensyal at ligtas ang inyong impormasyon.

- **Para sa Mga Miyembro ng Pamilya o Mga Indibidwal na Kasama sa Inyong Pangangalaga o sa Pagbabayad ng Inyong Pangangalaga.** Maaari naming ibigay ang inyong impormasyong pangkalusugan sa taong responsable sa pagbabayad ng inyong pangangalagang pangkalusugan, kung kinakailangan, upang makapagbayad ang taong iyon. Maaari rin naming isiwalat ang impormasyong pangkalusugan sa inyong mga miyembro ng pamilya at iba pang tao na kasama sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Gayunman, maaari lamang naming isiwalat ang impormasyong ito kung kayo ay naroroon at sumasang-ayon sa pagsisiwalat. Kung wala kayo doon, maaari lamang naming isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga taong kasali sa inyong pangangalaga kung hindi kayo makakasagot dahil sa inyong medikal na kalagayan at kami ay naniniwala na ang pagsisiwalat ng impormasyon ay para sa inyong ikabubuti. Maaari rin naming isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga indibiduwal na kasama sa inyong pangangalaga o pagbabayad ng inyong pangangalaga makalipas ang inyong pagsakabilang-buhay, maliban na lamang kung sabihin ninyo sa amin na huwag ibahagi ang inyong impormasyon sa kanila.

- **Sa Mga Paaralan Hinggil sa Mga Pagbabakuna.** Maaari kaming magkaloob ng talaan ng mga pagbabakuna sa isang paaralan tungkol sa isang mag-aaral na naka-enroll o magpapa-enroll pa lamang sa paaralan kung hinihiling ng Estado o ng iba pang batas na ang paaralan ay kailangang magkaroon ng nasabing katibayan ng pagbabakuna.

Mga Natatanging Sitwasyon

- **Ayon sa Inaatas ng Batas.** Aming isisiwalat ang impormasyong pangkalusugan ninyo kapag hinihiling ng batas pederal, estado o lokal.

- **Upang Maiwasan ang Seryosong Banta sa Kalusugan o Kaligtasan.** Maaari naming gamitin at isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan upang mapigilan ang seryosong banta sa inyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan din ng iba. Ibibigay lang namin ang impormasyong ito sa sinuman na makakatulong sa pagpigil ng banta.

- **Militar at Mga Beterano.** Kung kayo isang miyembro ng sandatahang lakas o beterano, maaari naming ilabas ang inyong impormasyong pangkalusugan kung kinakailangan ng mga awtoridad sa militar o upang makatulong sa pagtukoy ng inyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng beterano.

- **Mga Bilangguan.** Kung kayo ay nakakulong, maaaring din ibigay ang impormasyong pangkalusugan sa mga bilangguan habang isinasaayos ang inyong pangangalaga.

- **Kabayaran sa Mga Manggagawa.** Maaari naming ibigay ang inyong impormasyong pangkalusugan sa Kabayaran sa Mga Manggagawa o katulad na mga programa. Nagbibigay ang mga programang ito ng mga benepisyo para sa mga pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho.

- **Mga Panganib sa Kalusugan ng Publiko.** Maaari naming isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa mga gawaing pampublikong kalusugan. Ang mga gawaing ito ay karaniwang kinabibilangan ng mga sumusunod:
  - Upang maiwasan o mapigilan ang sakit, pinsala o kapansanan;
  - Upang iulat ang mga pang-aabuso o pagpapabaya sa bata;
  - Upang iulat ang mga kapanganakan o kamatayan;
  - Upang iulat ang mga reaksyon sa mga gamot o mga problema sa produkto;
  - Upang ipagbigay-alam sa mga tao ang pagbawi ng mga produktong maaaring ginagamit nila;
  - Upang ipagbigay-alam sa tao na maaaring nalantad sa sakit o nasa peligro na mahawaan o makahawa ng sakit.
  - Upang ipagbigay-alam sa mga kinauukulang awtoridad sa pamahalaan kung naniniwala kami na ang isang Miyembro ay naging biktima ng pang-aabuso, pagpapabaya o kalupitan sa loob ng tahanan. Gagawin lamang namin ang pagsisiwalat na ito kung kayo ay sumasang-ayon o kung binibigyan ng awtorisasyon ng batas.

- **Pagbabantay sa Mga Gawaing Pangkalusugan.** Maaari naming isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan sa isang ahensyang nagbabantay sa mga gawaing pangkalusugan na awtorisado ng batas. Halimbawa, maaari naming isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan sa pampublikong ahensya na responsable sa pangangasiwa ng operasyon ng HPMS. Ang mga gawaing ito ay kinakailangan upang mabantayan ng pamahalaan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan at mga programa sa benepisyong pangkalusugan ng pamahalaan.

- **Mga Demanda at Mga Pagtatalo.** Maaari naming isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan kung inutos ng korte o husgado. Maaari naming isiwalat ang inyong impormasyong pangkalusugan bilang

  tugon sa isang subpoena (pinadalang sitasyon), o ibang proseso na naaayon sa batas, ngunit ito ay limitado lamang kung may ginawang pagsisikap upang ipabatid sa inyo ang hiling o upang makakuha ng utos na nagpoprotekta sa impormasyong hiniling.

- **Pagpaptupad ng Batas.** Maaari naming ipalabas ang impormasyong pangkalusugan kung kinakailangan gawin ayon sa opisyal na nagpapatupad ng batas o, sa mga limitadong sitwasyon, kung hiniling ng opisyal ang impormasyon, o upang iulat ang pagsagawa ng krimen. Sa pangkalahatan, ito ay dapat na may kaugnayan sa mga pagsisiyasat ng krimen at/o bilang tugon sa utos ng korte, mandamyento (warrant) o katulad na proseso. Maaari rin naming ipalabas ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga awtorisadong opisyal ng pederal para sa mga pambansang gawaing pangkaligtasan na awtorisado ng batas.

- **Mga Kaganapan sa Militar.** Maaari naming isiwalat ang inyong impormasyon kung ito ay hilingin para makatulong sa isang misyon ng militar o iba pang aktibidad ng pamahalaan na may kaugnayan sa intelihensiya, pambansang kaligtasan, o pagpoprotekta sa Presidente.

- **Mga Coroner (opisyales ng pamahalaan na kumukumpirma ng kamatayan ng tao), Mga Medikal na Tagasuri, at Mga Direktor sa Punerarya.** Maaari naming isiwalat ang impormasyong pangkalusugan ng mga namatay na Miyembro sa mga coroner, mga medikal na tagasuri at mga direktor sa punerarya upang maisagawa nila ang kanilang mga gawain.

- **Mga Samahan ng Paglipat ng Organo.** Maaari naming ipalabas ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga samahan na nagtatrabaho sa paglilipat ng organo o tisiyu para sa mga layunin ng pagpapadali ng paglipat ng organo.

- **Makalipas ang 50 Taon nang Kamatayan.** Maaari naming ipalabas ang impormasyong pangkalusugan ng mga namatay na Miyembro sa anumang ahensya kung ang Miyembro ay namatay nang hindi bababa ng 50 taon.

- Tulong sa Panahon ng Kalamidad. Maaari naming ilabas ang inyong impormasyong pangkalusugan sa sitwasyon ng pagtulong sa panahon ng kalamidad. Gayunpaman, kung gusto ninyo na *huwag* naming ilabas ang inyong impormasyon para sa ganitong uri na sitwasyon, mayroon kayong karapatan upang gumawa ng ganitong desisyon.

Mga Limitasyon

Ang ibang mga batas ay maaaring limitahan o pigilan ang mga pagsisiwalat na nakalista sa itaas. Halimbawa, mayroong espesyal na limitasyon sa pagsisiwalat ng impormasyong pangkalusugan na kaugnay sa kalagayan ng HIV/AIDS, paggagamot sa kalusugang pangkaisipan, mga kapansanan na pagsulong ng katawan/kaisipan, at mga paggagamot sa pang-aabuso ng pinagbabawal na gamot at alak. Sumusunod kami sa mga limitasyong ito sa aming paggamit ng inyong impormasyong pangkalusugan. Hindi namin maaaring ibenta ang inyong impormasyon.

Awtorisasyon

Hindi namin pahihintulutan ang mga paggamit at pagsisiwalat ng inyong impormasyong pangkalusugan maliban sa inilarawan sa naunang mga pahina nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot o awtorisasyon. Kailangan naming makuha ang inyong awtorisasyon bago namin magagamit o masisiwalat ang inyong impormasyon para sa anumang iba pang dahilan. ***Halimbawa:*** Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa layunin ng pananaliksik kung matamo namin ang inyong pahintulot. Ang inyong desisyon na bigyan kami ng awtorisasyon ay hindi nakaka-apekto sa inyong medikal na paggagamot, mga benepisyo sa planong pangkalusugan, pagbabayad sa pagpapagamot, o pagiging karapat-dapat sa pagpapa-enroll. Mayroon kayong karapatan na magbago ng isip kahit lumagda na kayo sa awtorisasyon para sa paggamit o paglabas ng inyong impormasyong pangkalusugan. Kung nagpasya kayo na gawin ito, hindi na namin gagamitin pa o isisiwalat ang impormasyon. Siyempre, hindi na namin mababawi ang anumang mga pagsisiwalat na aming nagawa na sa panahon na nasa amin ang inyong permiso na gawin iyon.

Ang Inyong Mga Karapatan Hinggil sa Inyong Impormasyong Pangkalusugan

Kayo ay mayroong mga sumusunod na karapatan hinggil sa inyong impormasyong pangkalusugan na aming itinatago:

- **Karapatan na Kumuha ng Kopya ng Pabatid sa Pagkapribado na Ito:** May karapatan kayong humiling ng nakalimbag na kopya ng pabatid na ito kahit kailan. Makukuha rin ang pabatid na ito para sa inyong programa sa aming website: www.hpsm.org/documents/HPSM_Notice_of_Privacy_Practices.pdf.

- **Karapatan na Magtalaga ng Tao para Kumatawan sa Inyo:** Kayo ay may karapatan na magtalaga ng medikal na kapangyarihan ng abogado na nagpapahintulot sa nasabing tao na kumilos sa ngalan ninyo at magpasya para sa inyong impormasyong pangkalusugan. Ang karapatang ito ay ginagamit rin kung mayroon kayong legal na tagapangalaga. Aming titiyakin na sinumang kumatawan sa inyo ay mayroong pahintulot na ito bago kami kumilos.

- **Karapatan na Humiling ng Mga Restriksyon.** Mayroon kayong karapatan na humiling ng restriksyon o limitasyon sa paggamit o pagsisiwalat ng inyong impormasyong pangkalusugan.

  Kung inyong hilingin, kailangan ninyong sabihin sa amin:

  1. Anong impormasyon ang gusto ninyong limitahan;
  2. Kung gusto ninyong limitahan ang aming paggamit ng impormasyon, pagsisiwalat ng impormasyon, o pareho; at
  3. kung kanino ninyo gustong gamitin ang limitasyon.

  Upang humiling ng mga restriksyon, ang kahilingan ay dapat nakasulat. Tingnan ang pahina 9 para sa mga tagubilin.

  Tandaan: ***Hindi kailangan na sang-ayunan namin ang inyong kahilingan.*** Kung sumang-ayon kami, susunod kami sa inyong kahilingan maliban na lang kung ang impormasyon ay kailangan upang bigyan kayo ng emerhensiyang paggagamot.

- **Karapatan na Humiling ng Mga Kumpidensyal na Komunikasyon.** Mayroon kayong karapatang humiling na makipag-ugnayan kami sa inyo nang pribado at may espesyal na pamamahala hinggil sa mga medikal na usapin. Halimbawa, maaari ninyong hilingin na makipag-ugnayan lang kami sa inyo sa trabaho o sa pamamagitan ng sulat.

  Hindi namin itatanong sa inyo ang dahilan para sa inyong kahilingan. Aming gagawin ang lahat ng pagsisikap na mapagbigyan ang lahat ng mga makatwirang kahilingan. Dapat na tukuyin ng inyong kahilingan kung paano o saan ninyo gustong matawagan. Upang humiling ng espesyal na paraan ng pakikipag-ugnayan sa inyo, ang kahilingan ay dapat nakasulat. Tingnan ang pahina 9 para sa mga tagubilin.

- **Karapatan sa Talaan ng Mga Pagsisiwalat (Accounting of Disclosures).** Mayroon kayong karapatan na humiling ng “talaan ng mga pagsisiwalat” o “accounting of disclosures.” Listahan ito ng mga pagsisiwalat na isinagawa namin para sa inyong impormasyong pangkalusugan. Kabilang sa listahang ito ang mga pagsisiwalat na isinagawa namin sa inyong paggagamot o mga pagpapatakbo ng aming planong pangkalusugan,

kabilang ang pagbabayad ng inyong pangangalaga. Kabilang din dito ang karamihan ng ibang mga pagsisiwalat na kinakailangan namin gawin o pinapahintulutan kaming gawin nang wala ang inyong awtorisasyon. Halimbawa, kabilang dito ang mga pagsisiwalat sa mga ahensya ng pamahalaan na nagrerepaso sa aming mga programa. Upang hilingin ang listahang ito, o ang talaan ng mga pagsisiwalat (accounting of disclosures), dapat kayong magsumite ng nakasulat na kahilingan. Tingnan ang pahina 9 para sa mga tagubilin. Ang inyong hiling ay dapat para sa panahon na hindi hahaba sa tatlong (3) taon bago ang petsa ng inyong kahilingan at hindi maaaring kabilangan ng mga petsang nauna sa Abril 14, 2003.

- **Karapatan sa Pamaraang Makagamit ng Inyong Impormasyong Pangkalusugan.** Mayroon kayong karapatan na makakuha ng kopya ng ilang impormasyong pangkalusugan na nasa pag-iingat ng HPSM sa mga talaan nito. Sa pangkalahatan, kabilang dito ang mga talaan sa kalusugan at singilin. Kailangan ninyong makipag-ugnayan sa inyong doktor para sa kopya ng inyong medikal na talaan. Upang makakuha ng kopya ng impormasyong pangkalusugan na nasa aming pag-iingat, dapat kayong magsumite ng nakasulat na kahilingan. Tingnan ang pahina 9 para sa mga tagubilin.

  Maaari naming tanggihan ang inyong kahilingan na makakuha ng kopya sa ilang mga kaso. Kung ang pamaraang makagamit ng impormasyong pangkalusugan ay itinanggi sa inyo, ipagbibigay-alam namin sa inyo ang dahilan sa pamamagitan ng sulat. Kung ang pamaraang makagamit ay itinanggi, maari ninyong hilingin na irepaso ang pagtanggi. Ang taong nagsasagawa ng pagrerepaso ay hindi ang taong tumanggi sa inyong hiling. Susundin namin ang kalalabasan ng pagrepaso.

- **Karapatan na Matanggap ang Pabatid sa Paglabag.** Nangyayari ang paglabag kapag nakuha, ginamit o inilabas ang protektadong impormasyong pangkalusugan sa paraang lumalabag sa mga mahalagang batas sa pagkapribado. Ang impormasyong pangkalusugan ay dapat hindi pinoprotektahan, nangangahulugan ito na may paraan upang magamit ng iba ang impormasyon. Hinihiling mula sa HPSM na ipagbigay-alam sa inyo ang anumang nasabing insidente sa loob ng dalawang (2) buwan nang matuklasan ang paglabag sa pagkapribado ng inyong impormasyon. Ang Kalihim, Kagawaran ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos, at sa ilang pagkakataon ay kahit sa midya, ay kailangan din maabisuhan.

  Ang pabatid sa paglabag na natanggap ninyo ay naglalaman ng mga sumusunod na impormasyon: paglalarawan kung ano ang naganap, ang mga uri ng impormasyon na may kinalaman sa paglabag, at ang mga hakbang na dapat ninyong gawin upang protektahan ang inyong sarili mula sa posibleng panganib. Sasabihin din sa inyo ng pabatid kung ano ang ginagawa ng HPSM upang siyasatin ang sitwasyon at

mabawasan ang panganib nito sa inyo, at upang maiwasan maulit muli ang mga paglabag.

- **Karapatan sa Pag-amyenda.** Mayroon kayong karapatan na magdagdag ng nakasulat na komentaryo na itatago sa inyong impormasyong pangkalusugan sa HPSM. Kung sa inyong pakiramdam na mali o hindi kumpleto ang hawak naming impormasyong pangkalusugan ninyo, maaari ninyong hilingin sa amin na amyendahan ang impormasyon. Karaniwang ginagawa ito kung hindi kayo sang-ayon sa hawak naming impormasyong pangkalusugan ninyo sa aming talaan. Mayroon kayong karapatan na humiling ng pag-amyenda hanggat nasa aming pag-iingat ang impormasyon. Upang humiling ng pag-amyenda, ang kahilingan ay dapat nakasulat. Tingnan ang pahina 10 para sa mga tagubilin.

  Hindi namin kailangan na amyendahan ang impormasyong pangkalusugan na:

  - hindi ginawa ng HPSM, maliban na lang kung ang taong gumawa ng impormasyon ay hindi na maaaring gumawa ng pag-amyenda;
  - hindi bahagi ng impormasyon na nasa aming pag-iingat;
  - hindi bahagi ng impormasyon na mapahihintulutan kayong makakuha ng kopya; o
  - ay tama at kumpleto.

  Kung tatanggihan ng HSPM ang inyong kahilingan na amyendahan ang inyong impormasyong pangkalusugan, aming ipababatid sa inyo sa sulat. Makakatanggap rin kayo ng nakasulat na paliwanag kung bakit tinanggihan ang inyong kahilingan.

Mga Pagbabago sa Pabatid na Ito

Ang pabatid na ito ay magkakabisa simula ng Setyembre 23, 2013. May karapatan kaming baguhin ang pabatid na ito.
Kami ay may karapatan na gawing epektibo ang binagong pabatid para sa lahat ng inyong impormasyong pangkalusugan na mayroon na kami at gayundin sa anumang impormasyon na matanggap namin sa hinaharap. Maaari ninyong mahanap ang petsa ng pagiging epektibo ng Pabatid sa ilalim ng bawat pahina. Bilang karagdagan, sa bawat pagkakataon na may mga pagbabago sa pabatid, ipagbibigay-alam namin sa inyo sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 60 araw. Maglalagay din kami ng kopya ng kasalukuyang pabatid sa aming website sa http://www.hpsm.org/privacy-policy.aspx.

Magreklamo o Magsampa ng Karaingan
Mga Tagubilin:

(1) Paano magsampa ng Karaingan hinggil sa inyong mga karapatan sa pagkapribado: Kung naniniwala kayo na nalabag ang inyong karapatan sa pagkapribado, maaari kayong magsampa ng karaingan sa Health Plan of San Mateo. Maaari din kayong makipag-

ugnayan sa Kagawaran ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos upang magsampa ng reklamo.

Tagapag-ugnay ng Karaingan
Health Plan of San Mateo 801
Gateway Blvd., Suite 100
South San Francisco, CA 94080
1-888-576-7557 o **650-616-2850**

Kalihim ng Kagawaran ng Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos
Tanggapan ng Karapatang Sibil
Attn: Panrehiyong
Tagapamahala
50 United Nations Plaza, Room 322 San
Francisco, CA 94012

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Tanggapan ng Karapatang Sibil ng Estados Unidos sa
1-866-627-7748 o **1-866-788-4989** TTY
(OCR-PRIV)

Hindi kayo parurusahan sa pagsasampa ng Karaingan.

(2) Para sa inyong mga hiling kaugnay sa inyong mga karapatan tulad ng nakalista sa pabatid na ito, mangyaring magpadala ng sulat ng inyong kahilingan sa:

Attention: Privacy Officer
Health Plan of San Mateo 801
Gateway Blvd., Suite 100
South San Francisco, CA 94080

650-616-0050

Kung humiling kayo ng kopya ng inyong impormasyong pangkalusugan, maaari kaming maningil ng kabayaran para sa halaga ng pagkopya, pagpapadala sa koreo o iba pang mga panustos na may kinalaman sa inyong hiling. Ipagbibigay-alam namin sa inyo ang halaga ng nagastos at maaari ninyong piliin na bawiin o baguhin ang inyong hiling sa oras na iyon bago ito maproseso.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa Pabatid na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyo para sa Miyembro ng Health Plan of San Mateo (HPSM) sa **1-866-880-0606** o **650-616-2174**. Ang mga miyembro na may mga kahinaan sa pandinig o pananalita ay maaaring tumawag sa TTY: **1-800-735-2929** o i-dial ang **7-1-1** California Relay Service (CRS).